

Ano ang kanser?

Para sa may-sakit na kanser, kanilang mga pamilya at kaibigan

Ang kanser ay isang sakit ng mga selyula ng katawan.


Ang kanser ay isang sakit na may kinalaman ang mga selyula ng katawan. Ang katawan ay gawa sa bilyong mga selyula. Ang normal na mga selyula ay tumutubo at nahahati (hati sa dalawa). Kapag namatay na sila, pinapalitan sila ng mga bagong selyula.

Kung minsan, may maling nangyayari sa ibang mga selyula at hindi sila namamatay. Nahahati sila ng walang kontrol at lumalaki na maging bukol (tumor) na tawag ay kanser.

Ang mga kanser ay maaaring tumubo saan mang bahagi ng katawan. May mahigit na 100 iba't-ibang mga klase ng kanser. Ang ilang mga kanser ay mas karaniwan kaysa sa iba, gaya ng kanser sa bituka, suso, prostate at baga.

- Ang kanser ay higit na karaniwan – isa sa bawat tatlong tao ay nagkakaroon ng kanser.
- Maraming tao ang nakakaligtas sa kanser.
- Hindi mawawala ang kanser kung hindi gagamutin

The beginnings of cancer



Non-cancerous tumours do not spread to other other parts of the body. However, a doctor tor .

Ang mga walang-kanser na tumor ay hindi kumakalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Subali't, kailangang mino-monitor ng doktor ang mga ito.

Ang may- kanser na tumor ay kumakalat mula sa pinanggalingan nito papunta sa ibang mga bahagi ng katawan. Kumakalat ito papasok sa himaymay malapit sa tumor at madadala ito sa dugo o *lymph* patungo sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang kanser na tutubo sa panibagong lugar ay tinatawag na 'pangalawang kanser' o '*metastasis*'.

Paano nagkakaroon ng kanser?

Nangyayari ang kanser kahit na kaninuman. Hindi namin alam ang mga pinagmumulan ng karamihan sa mga kanser.

Ang ilang mga bagay na lalong naglalagay sa tao sa panganib na magkaroon ng kanser:

- Pagtanda: nagkakaroon ng kanser ang mga bata-batang edad na tao ngunit ang karamihang klase ng kanser ay lalong nagiging karaniwan sa mga nagkaka-edad nang higit sa 50
- Paninigarilyo
- Labis na pag-inom ng alak
- Kulang sa ehersisyo
- Labis na pagbibilad sa araw
- Hindi nakakalusog ang kinakain
- Labis na katabaan

- May kasaysayan sa pamilya. Kaunting bilang lang ng pamilya ang apektado.

Ang ilang mga kemikal at asbestos ay nakakadagdag sa panganib na magkaroon ng kanser ang isang tao.

Ang ilang mga baktirya (*virus*) kung minsan ay humahantong sa pagkakaroon ng kanser, gaya ng '*human papilloma virus*', na isang pinakakaraniwang baktirya (*virus*) na naikakalat sa pamamagitan ng pagtatalik.

Makakasagap ka ba ng kanser sa ibang tao?

Hindi. Ang kanser ay hindi nakakahawa. Hindi masasagap ng isang tao ang kanser mula sa taong may sakit nito.

Ligtas na makasama ang taong may-sakit na kanser. Ligtas na hawakan ang taong may-sakit na kanser.

Maagang pagtuklas kung may kanser

Maraming mga kanser ang matagumpay na nagagamot kung ito ay maagang matuklasan at magamot ng doktor.

Dumalo sa mga programa ng pagsusuri (*screening*). Nagliligtas ng buhay ang mga pagsusuri ng kanser sa suso, bituka at daanan ng bahay-bata (*cervix*).

Alamin kung anong normal para sa inyong katawan. Magpatingin kaagad sa inyong doktor kung may mapansin kayong pambihirang mga pagbabago katulad ng:

- Mga bukol, na-impeksyong sugat (*sores*) o mga ulcer na hindi gumagaling
- Pambihirang mga pagbabago sa suso: bukol, mabukol-bukol, kumapal na lugar, kakaibang tagas sa utong, utong na pumapaloob (kung hindi naman dating ganoon), pagbabago sa hugis o kulay o kakaibang pagsakit

- Panay-panay na pag-ubo, kinakapos ng paghinga o pamamaos
- Di mawaring pagbawas ng timbang o dugo
- Panay ang pagduduwal o pagsusuka
- Sa kababaihan, anumang pagkaubos ng dugo galing sa ari, kahit na ito ay mangilang-ilan patak sa pagitan ng inyong pagreregla (*menses*) o matapos na mag-menopause
- Mga nunal na nag-ibang hugis, laki o kulay, pagdudugo nito
- May dugo sa pagdumi (*tae*)
- Matagalan o di maipaliwanag na pagtatae (*diarrhoea*) o pagtitibi
- pananakit sa alinmang bahagi ng katawan na ayaw gumaling.

Ang ilan sa mga sintomas na ito ay dahil sa mga suliraning pangkalusugan, hindi kanser.

Magpatingin sa doktor tungkol sa anumang makulit na mga sintomas o mga pagbabago sa inyong katawan.

Anong mangyayari kung mayroon akong kanser?

Ang paggagamot ay depende sa klase at lagay ng isang kanser (gaano kalubha ito). Ang pinakakaraniwang mga paggagamot ay kemoterapiya (*chemotherapy*), pagra-radyesiyon (*radiotherapy*), pag-ooopera at pagpapalakas ng naturalesa (*immunotherapy*).

Ipapaliwanag ng doktor ang paggagamot para mapagaling o makontrol ang kanser.

Mga kanser na natuklasan nang maaga at



nalunasan ay kalimitang napapagaling.

- Ang **Multilingual Cancer Information Line (Maramihangwikang Linyang Pang-impormasyon sa Kanser)** ay nagbibigay sa mga tumatawag ng impormasyong nasa kanilang wika tungkol sa kanser. Tawagan ang **13 14 50** at hingin ang Cancer Council Victoria Helpline para kumpidensyal na makipag-usap sa isang nars sa kanser at interpreter.

Tawagan ang **13 11 20** para sa impormasyon at suporta sa wikang Ingles.

Huling binago: Nobyembre 2011

